
**MAGASIN NG BAGONG BUHAY**
**HULYO 8, 1951**

# MISSING PAGE/PAGES

"HETO PA ANG MGA BALA...."




Nalathala kamakailan sa "The Atlanta Constitution," Estados Unidos. Inilalarawan si Stalin na nagpapaputok ng kanyang sumasagisag sa Mga Hangarin ng Rusya sa Asya, samantalang ang lider ng pulahang Tsina, si Mao Tse-Tung, ay naghahakot ng mga punlo o bala — ang mga mamamayang intsik.




"HAYAN, HINULAAN KO ANG ISANG 'PAGBAGSAK', HINDI BA?"

At tama nga naman si "Joe." Sa pagsigla ng kalakal ng Estados Unidos ay babagsak ang lahat niyang mga hangarin sa kapakanan ng Rusya! (Nalathala sa "Omaha World Herald," Omaha, Nebraska)



## Alam Ba Ninyo?





ANG LARONG "JAI ALAI" AY NAGSIMULA SA ESPANYA (KUHA SA SALITANG JAI – MASAYA, AT A-LAI — PISTA). ANG LARONG ITO NA IPINAKILALA SA MGA REPUBLIKA NG TIMUGANG AMERIKA, KUBA AT FLORIDA AY GINAGANAP SA LOOB NG ISANG MALAKING PALARUAN. ANG BAWA'T MANGLALARO AY NASASANGKAPAN NG ISANG MAHABA NGUNI MAKITID AT BALUKTOT NA RAKETA NA NAKAKABIT SA BISIG ANG PUNO ITO'Y GINAGAMIT NA PANALO AT PANGHAGIS SA ISANG MATIGAS NA BOLANG PINATATALBOG SA MATIGAS AT MAKINIS NA PADER. NALALAMANGAN NG PUNTO ANG MANGLALARONG HINDI MAKASALO AT MAKAPAGPABALIK NG BOLA SA PADER.


**"ART LARSEN" style championship tennis shoes.**



Tumanggap ng payo sa mabubuting manglalaro sa kapuluan; ang inyong laro ay magiging mabuti kung ang suot ninyo'y mabuting sapatos na goma. Ang mabubuting manglalaro ay nakababatid na ang malalaki at pinaghirapang tagumpay ay natatamo sa tulong ng pinakamabubuting sangkap sa palakasan — ang nagdadala ng pangunahing papel sa pagtatamo ng isang tagumpay.

Kung ang pagtatagal, halaga at mga makabagong katangian ang inyong hinahanap, hingin ang sapatos na gomang JACINTO. Tiyak na makagagawa kayo ng iskor sa alin mang pares!

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK



Sa pagsabog ng bomba atomika ay nagiging tila isang malaking bolang apoy ang kabilugan ng pook. . .




# Madaling-araw...? Malaking Sunog...?

HINDI. . . ang mga larawa'y kuha, isang madilim na hating-gabi, sa kapuluan ng Eniwetok nang minsan pang subukin ng Estados Unidos ang lakas ng bomba atomika. Ang pagsubok, na naging isang tagumpay, ay nagpapatunay na ang sandatang ito'y maaaring pumuksa sa sangkatauhan sa loob lamang halos ng ilang kisap-mata!


**(Mga larawang kuha ng INP Soundphoto)**



Buhat sa malayo ay makikita ang pag-ilanglang ng liwanag at apoy na tila sa isang malaking sunog. . .




Mabilis na lumalaganap ang liwanag na kasabay ng pagkadama ng init sa paligid na saklaw ng ilang milya. . .



Sa loob ng ilang sandali, ang tanawin sa pinakapusod ng sinabugan ng bomba ay natutulad sa madaling-araw. . .

# ILAN SA MGA NAGING TAMPOK NG PAGDIRIWANG SA IKALIMANG TAON NG PAGSASARILI NG PILIPINAS

**Mga larawang kuha ni BEN ROXAS**



Ang Pangulong Quirino, na makikitang nagpupugay sa bayan nang dumating sa Luneta noong hapon nang ika-4 ng Hulyo upang saksihan ang makulay na palatuntunan at parada sa ikalimang anibersaryo ng Republika ng Pilipinas.





Ang marikit na karosa ng National Development Company na kabilang sa mga nagbigay kulay sa idinaos na malaking parada. Ang karosa, na hiniyasan ng mga piling dilag ng NDC, ay nagsasabing: "*Ang NDC Textile Mills ay Tumutulong na Damitan ang Bansa.*"




Ang Batalyon ng mga kawal na Moro, na nagtamo ng mga palakpak at papuri ng madla dahil sa kanilang uniporme at mahusay na pagmamartsa.




Nang ibinababa sa tagdan ang bandilang amerikano at itinataas ang bandilang pilipino bilang pagsariwa sa ginawa noong ika-4 ng Hulyo, 1946, ang unang taon ng pagsasarili ng Pilipinas.

















(5) Ang marikit na arkong itinayo sa may gusali ng Batasang Bayan na nakatawag ng pansin ng madla dahil sa makasining na pagkakayari. Nakatitik sa dakong itaas ng arko ang: *"Republika ng Pilipinas — Pagdiriwang sa ika-5 Anibersaryo — Hulyo 4, 1951."*

(6) Karosang ilinahok sa parada ng Samahan ng mga Manggagawa ng Kamisadentro sa Maynila.

(7) Ang karosa ng EDCOR o ng lupong nangangasiwa sa pagpapasaka sa mga tiwangwang na lupa sa timog ng kapuluan. Sa itaas ng karosa ay nakatitik ang: *"Tahanan Para sa mga Walang Tirahan"* at sa tagiliran ay *"Lupa sa mga Walang Lupa,' sa EDCOR."*

(8) Karosang ilinahok naman ng ilang samahan at bahay-kalakal sa Maynila. Inilalarawan ang dalawang masipag na manggagawang Pilipino na kadluan ng kasaganaan ng bansa, at ang Inang Pilipinas na lagot na ang tanikala ng kaalipnan — malaya at nagsasarili!

(9 at 10) Ang mga kadete ng akademya militar sa Bagyo, at ang "dog battalion" ng Hukbong Pilipino na nagsilahok din sa parada.

# Hiwaga Ng Kapayapaan




**"SA SANDALING YAON NG KANYANG HINDI NA MAPIPIGIL NA PAGTUMPA SA WALANG HANGGANG DAIGDIG, NAGUNITA NIYA ANG MUNTING NAYONG KINAKITAAN NG UNANG LIWANAG**

**Katha ni VITO C. SANTOS**

BIGLANG-BIGLA ang nangyaring iyon sa kanya. Sumuray-suray na lamang siya na nag-aalumpihit ang katawan sa kirot ng sugat ng punlong tumama sa kanyang likod. Naramdaman na lamang niya iyong kasabay ng alingawngaw ng isang nakatutulig na putok na kanyang narinig.

Hindi niya namalayan nang lumapit sa kanya ang lalaki. Ang tinig na lamang noon ang kanyang narinig — tinig na parang putok ng bulkang nakatulig sa kanyang pandinig: isang paghamon sa dakila niyang karapatan. Gayunman, hindi niya iyon pinansin, ipinagpatuloy niya ang kanyang ginagawa, at halos kasabay noon ay narinig nga niya ang putok ng sandata. Nag-umikit ang kanyang paningin at nabuwal siya sa matigas na lupa.

NASA BAHAY pa siya ay nalalaman na niyang mapanganib sa kanyang patutunguhan. Ang balak niya noon ay sa hapon na siya paroroon, subali, hindi siya mapalagay. Para bagang may isang mahiwagang lakas na nagtutulak sa kanya na siya'y tumungo na roon. Tila ba may naririnig siyang mahimalang tinig na nag-uumukilkil sa kanyang talinga nang buong liwanag at panunumbat: **Lakad na, Kadyo. Huwag mo nang hintayin pa ang hapon. Baka masayang ang araw na ito, na miminsan lamang kung dumating sa loob ng anim na taon. Sayang, Kadyo, sayang! Kung minamahal mo ang iyong anak, ang iyong asawa, ang iyong mga kababayan, ang iyong bayan... ang lahat, huwag mong ipagkait sa kanila ang iyong mahalagang tulong. Kadyo, lakad na!**

Patuloy siya sa kanyang ginagawang pagbabasa ng pahayagan. Wala siyang nauunawaan sa kanyang binabasa. Ang tinig na iyon ang kanyang naririnig at siyang naiiwan sa kanyang kamalayan. **Huwag kang maruwagan, Kadyo! Nalimot mo na bang galing ka sa lipi ng mga lakan na siyang unang naghandog ng dugo alang-alang sa kalayaan ng iyong bayan? Nasa dugo mo ang kanilang mga dugo! Lakad na, Kadyo!**

Binitiwan niya ang pahayagang binabasa. Tumayo siya at nanungaw sa bintana na parang nagwawalang-bahala. Nalalaman niyang hindi siya natatakot, nguni't hindi siya mapalagay. Ang tinig ay patuloy rin niyang naririnig, paulit-ulit: **...nasa dugo mo ang kanilang mga dugo! Alang-alang sa iyong anak, sa kanila... ay lumakad ka na, Kadyo! Lakad na, Kadyo!** Sa kaibuturan ng kanyang maliit na puso'y lumatang ang isang nag-apoy na pagngingitngit. **Oo, lalakad ako! Hindi ako duwag! Hindi! Hinding-hindi ako papayag na dahil sa aking pagkukulang ay masasadlak sa lusak ng pagkabusabos ang mga mahal ko sa buhay. Hindi! Hindi ako papayag! Lalakad ako, alang-alang sa kanila, para sa kanilang kinabukasan.**

HINDI NA siya nagkaroon ng panahong makilala pa ang lalaking bumaril sa kanya nguni't nalalaman niyang iyon ay naroroon pa rin, hawak ang rebolber at handang magpaputok na muli sa sandaling siya'y magtatangkang b u m a n g o n. Kung siya lamang ay may nalalabi pang lakas upang makapagsalita, isasamo niyang huwag na siyang bariling muli, sapagka't ang isang punlong iyong tumama sa kanyang likod ay sapat nang tumapos sa kanyang buhay.

Ang katawan niyang latag na latag na sa malamig na lupa ay ibig niyang maikilos, nguni, hindi na niya iyon maigalaw. Ang kirot ng sugat na patuloy na binubukalan ng mapula't buhay na dugo ay buong dahas na umagaw sa kanyang lakas. Kung may natitira mang bahagyang anag-ag ng kamalayan sa kanyang diwa, ay dahil na lamang iyon sa di-karaniwang lakas ng kanyang loob.

Sa paggapang ng lamig ng alabok sa buo niyang katawan ay nakadama ng bahagyang ginhawa ang kanyang katawang-lupang humalik sa kapwa lupa. Noon niya nagunitang muli, ang katotohanan ng pagkakaugnay ng kanyang laman at ng alabok. Sa sandaling iyon ng kanyang hindi na mapipigil na pagtumpa sa walang-hanggang-daigdig ng kapayapaan ay nagunita niya ang kanilang buhay sa nayon — doon sa nayong kinakitaan niya ng unang liwanag, sa nayong naging paraiso ng kanyang kamusmusan at naging kaugnay ng kanyang puso't kaluluwa—sa Bungahan, na may mahigit nang tatlong taon nilang nilisan.

Noo'y parang nakadikit sa kanyang balintataw ang larawan ni Ana, ang kanyang maybahay. Nagsusumamo si Ana sa pagpigil sa kanya. Hawak niya ang isang matalim na itak at nagpipilit makawala sa pagkakayapos ng asawa. **"Bitiwan mo ako, bitiwan mo ako! Namihasa ang mga taong iyan! Ayaw magpatulo ng kanilang mga pawis at pagkatapos ay tayo ang gigipitin! Bitiwan mo ako! Bitiwan mo ako!"** Si Ana nama'y lumuluha at nagmamakaawa. **"Para mo nang awa, Kadyo! Bayaan mo na sila. Ang buhay mo ang mahalaga sa aming mag-ina! Bukas ay umalis na tayo rito, sa bayan na tayo tumira! Doo'y tahimik. Doon ka na lamang maghanap-buhay. Hindi sila makapanggugulo roon. Doo'y maraming pulis na magtatanggol sa mga tao!"**

Parang sinubhan ng malamig na tubig ang kanyang kaloobang nag-aapoy sa malaking poot. Kapag si Ana na ang namagitan, gaano man ang kanyang galit; ay gana pnang nawawala iyon. Mapait man sa kanyang kalooban ay sumang-ayon na rin siya na lisanin nila ang kapirasong lupang kanyang sinasaka sa Bungahan, upang sa bayan muna manirahan.

Naniwala siya sa kanyang Ka Porong, na ang ipagkakaroon ng katahimikan sa kanilang nayon ay nasasalalay sa mga kamay ng mga puno sa bayan. Sa pagupitan ng kanyang Ka Porong ay malimit mapag-usapan ang tungkol sa mga bagay na iyon. Kailangang magkaroon ng tapat na pagmamalasakit ang kanilang mga punong-bayan. Dapat manggaling sa kanila ang pagkilala sa mga karapa-

**(Buklatin sa pahina 18)**

# Kapirasong DAHON

**SIYA ANG NAGING SANHI NG MGA PAGDURUSA NG BINATANG UMIIBIG... KAYA SIYA RIN ANG NAGBIGAY DITO NG KAUKULANG LUNAS SA PAMAMAGITAN NG ISANG DAHON**

MGA BAKAS na lamang ng nagaganap na gawain ang makikita sa talyer ni Nano: nagtiwangwang na gato, kalawanging mga *crescent*, nagbikakang birador, di-mabasang *multi-tester* at inaamag na *magnifier*. Ang masipag mamulaklak na *Don Juan* at *Rosa-birhen*, sa loob ng bakurang kinaroroonan ng talyer ay siya na lamang nakatatawag ng pansin sa mga nagdaraan sa pook na ito.

Wala nang "jeep" na nangakaparada sa tapat ng talyer dahil sa kaisahan ng katawan ni Nanong siyang kailangan ng mga makina nito. Wala nang malalaking trak na kargahan ng pangluwas, mga awto at iba pang sasakyan buhat sa mga kalapit-bayan na pinagdarayo ang tila may tatak na paglilingkod ni Nano.

Pumanglaw ang pook na ito. Matagal na akong di nakatatanaw ng ilaw-dagitab sa ilang bahay na malapit kina Nano. Nangapipi ng mga radyong dikuryente. Nangawala na ang matatandang malimit makinig ng magagandang palatuntunan sa radyo ni Nano. Nabasag na ang umpukan ng mga kabataang madalas dito upang magpatunog ng *radio phonograph*. Ang mga dalaginding na pumipiksi ang katawan sa himig ng *El Bobo de Layuca, Pimpong* o *Manila Bay Rhumba*... ay biglang naglaho sa pook na ito. Wala na akong naririnig na pukpukan, mga bagsak ng bakal. Ang mga tugtugin ay naparam. Nagmaliw ang magagandang himig. Naglaho ang *Roses, My Heart Cries For You, Beloved be Faithful* at marami pang iba. Sa ilang sayawang dinaluhan ko kamakailan ay hindi *amplifier* ni Nano ang ginamit. Kitang-kita ko. Hindi ang *Nan Sound System*.

Sapagka't...

Si Nanong ang damit ay laging langisan at mauling ay nag-iba ng ayos. Nagbago. Napalitan ang bikas at katauhan ng tinawag kong tagapagparingas ng pansumandaling siklab ng aking pagkayamot at galit — ang lalaking kapag nakitang mainit na mainit ako ay magpaparinig ng *Honestly, Tell me why, My destiny, Faithful...!*

Ang hindi lamang nagbago ay ang matandang ina ni Nano. Patuloy pa rin siya ng pagpapadala ng magagandang bulaklak sa akin. Nahuhuli ko ang kasiyahan ng matanda kapag natanaw na ang bulaklak na bigay niya ay nakaipit sa aking buhok.

Nasasabi ko ang lahat na ito sapagka't ako'y bahagi ng silid-eskuwelahang katapat ng talyer ni Nano. Lansangan at bakod lamang ang pagitan. Huwag lamang di-ipukol ang paningin sa kanlurang dungawan ay si Nano, ang kaniyang ginagawa, ang aking nakikita; ang kanilang bahay... looban, ilang punong saging at ang mga puno ng rosas; saka ang matandang babae na kung minsan ay nagwawalis o kaya'y nag-aalis ng dapulak.



At ang dati-rati ko ngang nakikita ay nagbago. Ang kaniyang kaanyuan ay napalitan ng iba. Sinasabi ng marami na ang pagbabagong iyon ay hindi akalain. Naging malinis na palagi ang damit ni Nano. Malinam na kasuotan ang ipinang-aaraw-araw gayong ang paligid lamang ng talyer niya at ng maluwang na palaruan ang kaniyang pinagyayaotan. Nakasapatos at medyas na lagi. Kung minsan ay may panyolitong nakabigkis sa leeg. Hindi na nga siya ang dating ulingin at basa ng pawis. Walang bahid na langis ang damit. Ang gawain ay iniiwasan. Kinaliligtaan. At ang kanyang anyo ay animo'y nagmamanman.

Malago ang buhok niya. Nangingintab sa pomada. Nguni't malimit ay gulo. Sinasabunot ng sariling kamay. Gayonman ay alam na alam ko kapag dumaraan sa tapat si Nano. Nag-aamoy *madre-silva* ang hangin.

Si Nano ay tumatawa. Humahalakhak kahit nag-iisa — sa tabing bakod, sa puno ng hagdan. Kung minsan ay nakatuon ang masid sa ibaba. Parang may binabasa sa balat ng lupa. Parang nakatungo sa kanyang *Electronic Manual* at nag-iisip ng mga tekniko. Nguni't hindi. Marahil ay ang kanyang kahapon... ang nakaraan ang naglalaro sa kaniyang isipan. Bumubulong. Nagsasalita. Kinakausap..... niyayakap ang kawalan.

Sumilid sa loob kong ako yata ang minamatyagan ni Nano. Malimit siyang lumikmo sa puno ng nakadapang akasya na dito ay kitang-kita ang nasa pisarang ipinaliliwanag ko sa klase. Minamalas niya ang aking pagpapalaro: ang pagpapawalis ng tuyong dahon ng kayanito at akasya.

UMAGA. Nakadilat na ang araw. Sinalang alapaap ang dibdib ng kaitaasan. Noon ay tahimik na bumabasa ang aking mga eskuwela. Walang anuano'y napamulagat ako sa aking nakita. Nagpapang-agaw ang mag-ina ni Nano sa isang malaking kutsilyo. Nanalo si Nano. Ano na nga ba ang magagawa ng isang matandang uugud-ugod? Lakad-takbo si Nanong nagtungo sa pulta ng eskuwelahan. Ako'y natakot. Madali kong ipininid ang nakabukas na dahon ng pinto at... sinusian. Napalilim siya sa malapad na dahon ng kayanito. Narinig kong siya'y sisipul-sipol. Iniwan siya ng aking pansin sapagka't may tungkulin ako.

Nang ako'y umuwi nang hapong yaon, larawan ng dalawang pusong nakaukit sa mabulas na katawan ng kayanito ang aking nakita. Sa isang puso ay nakapaloob ang titik na *N* at sa isa'y ang unang titik ng aking pangalan. Si Nano ang may gawa niyon. Hindi sasala. Noon, nakadama ako ng pagbabagong nagaganap sa aking sarili.

*Apat na nga namang taon buhat noon...! Nguni si Nano ay mistulang baliw ngayon. Diyata't ako'y...*

*At parang naririnig ko: Niyakap mo ang Kurus at Puso ni Hesus at kusa kang napabuklod sa kapangyarihan nito... pagkatapos ay magpapakasira ka sa isang baliw...!*

*Siya nga... nguni't... A, hindi ... hindi ko sisirain ang aking panata.*

Subali't sayang... sayang ang makulay na hinaharap ni Nano. May maganda pa siyang kinabukasan kung mananauli ang kaniyang pang-unawa. Nguni may paraan pa kaya upang magbalik sa kaniyang sarili ang katinuan?

"Ito po'y 'pinadadala sa inyo ng Lelang." Tumingin pa ang bata sa matandang noon ay nagsisiga ng mga tuyong dahon ng saging.

'Sus... at binalot pa ng dahon! Salamat 'kamo ng marami, ha?"

Nakatanaw pala si Nano sa bintanang katapat ng mesa kong sulatan. Noon lamang ako nakakita ng lalaking umiiyak ng

**(Buklatin sa pahina 17)**

**ni LYDIA M. HORNILLA**

# Ang Kanyang LIHIM



**Kuwento ni MOISES A. SANTIAGO**

**PINAGSAMANTALAHAN SI ELOISA NG ISANG MAHIWAGANG LALAKI. HINDI NATULOY ANG KASAL NILA NI RAMON. NGUNI'T NAGBALIK ANG UNANG KASINTAHAN NG DALAGA... AT MAY IPINAGTAPAT NA MAHALAGANG LIHIM!**

KANGI-KANGINA lamang ay minamadali ni Cesar ang pagbibihis. Hindi na tuloy nakuhang pagpagan ng alikabok ang sapatos. Ibig niyang makarating sa lalong madaling panahon kina Eloisa. Nguni't ngayong malapit na siya sa tsalet na tirahan ng dalaga ay parang bantulot ang kanyang mga paa. Malakas ang kaba ng kanyang dibdib. Gulung-gulo ang isipan niya at parang hindi na ibig na tumuloy. Paano'y hindi pa nangyayari sa kanya kailanman ang siya'y ipatawag nang madalian ni Eloisa dahil diumano sa isang napakahalagang bagay na kailangang pag-usapan nila. Sila'y tatlong buwan nang magkasintahan nguni't ngayon lamang nangyari ang ganito.

Pinayapa muna ni Cesar ang kanyang kalooban bago kumatok. Pagkaraan ng ilang saglit ay binuksan ni Eloisa ang pinto.

—Tuloy, ikaw na pala, Cesar. — ang anyaya ni Eloisa.

Tumuloy si Cesar at lumikmo sa isang sopa.

—Kangina pa kita hinihintay, e. Akala ko'y hindi ka na darating! —ang simula ni Eloisa.

—Naantala nga ako ng bahagya. Pagpaumanhinan mo ako, Eloisa, —tugon ni Cesar na halatang-halatang naguguIo ang isip.

—Marahil ay nagtataka ka sa pagkakapatawag ko sa iyo, hindi ba, Cesar?

—Siya nga, sapagka't hindi ko malaman kung anong bagay ang pag-uusapan natin at kung papaanong makapag-uusap tayo rito sa inyong tahanan. Alam mo namang gayon na lamang ang galit ng iyong ama sa akin! —wika ni Cesar.

—Huwag kang magtaka. Ang papa ang nag-utos na kausapin kita ngayon. Ang katotohana'y umalis siya upang magkaroon tayo ng pagkakataon! paliwanag ni Eloisa sa nag-aagam-agam na kasintahan.

E, ano ba naman ang pag-uusapan natin? —ang usisa ni Cesar.

Napatungo muna si Eloisa. Parang ayaw nang sabihin ang kanilang pag-uusapan sapagka't nalalaman niyang yao'y ikalulungkot ni Cesar.

—Alam mo, ang lihim na pagmamahalan natin ay natuklasan ng papa. Gayon na lamang ang galit niya sa akin at ang akala ko'y pagbubuhatan niya ako ng kamay kagabi! — tuwirang pagtatapat niya.

—Ha? Bakit nalaman? Sino ang nagsabi? — nagtatakang tanong ni Cesar.

—Sino pa kundi si Ramon! Siya ang nagsumbong sa papa! —pagtatapat ni Eloisa.

—Papaano namang nalaman ni Ramon? Sino ang nagsabi?

—Cesar, iyan ang pagkukulang ko. Kamakalawa sa gabi'y nagkausap kami rito ni Ramon. Pinipilit akong tanggapin ang kanyang pag-ibig, nguni't sinabi kong hindi ko matatanggap sapagka't ako'y may kasintahan na. Nang itanong kung sino ang kasintahan ko ay naipagtapat ko naman!

Napabuntong-hininga si Cesar.

—Bakit naman nasabi mo pa iyon, nalalaman mo namang inililihim natin ang bagay na iyon? —parang naninising wika ni Cesar.

—Iyan nga ang hindi ko malaman, hindi ko maipaliwanag!

—E, ano ang sabi ng papa mo nang malaman niya?

—Kagabi'y pinilit akong sabihin ang katotohanan. Ang pagkaalam pala niya'y hindi tayo magkasintahan at hindi na nagkakausap mula nang gabing ipagtabuyan ka rito sa amin. Ang akala pa'y si Ramon na ang napupusuan ko!

Napatigil si Eloisa nang mapansing nalulungkot si Cesar at balisang-balisa sa pagkakaupo.

—Hindi ko nga malaman kung ano ang sasabihin mo sa akin ngayon, sapagka't kagabing-kagabi rin ay...

—Ay ano, Eloisa? —ang agaw ni Cesar.

—Pinilit akong sumang-ayong pakasal kay Ramon!

Parang tinarakan ng balaraw ang dibdib ni Cesar.

—Sumang-ayon ka naman?— ang tanong niya pagkatapos.

—Wala akong ibang maitutugon, Cesar. Hindi ako makatanggi, — tugon ni Eloisa at tumulo na rin ang luhang kangina pa pinipigil.

—Nguni't, Eloisa, hindi mo na nagunita ang ating sumpaan! Ang iyong ginawa ay isang...

—Pagtataksil sa sumpaan, Cesar, nalalaman ko! —ang dugtong ni Eloisa na sinundan ng mapapait na hikbi. Nagunita niya yaong gabing tinanggap niya ang pag-ibig ni Cesar at sumumpang kailan ma'y hindi siya lilimot.

—Ngayon ko nakilalang marupok pala ang iyong sumpa, Eloisa, —ang sumbat ni Cesar.

—Nguni't Cesar, pinangahasan kong gawin ang ganyan sapagka't nalalaman kong ako'y patatawarin mo! Isa pa'y nalalaman ng Diyos na talagang ikaw lamang ang minamahal ko!

—E, kailan daw kayo ikakasal? —ang sa di-kawasa'y naitanong ni Cesar.

—Sa linggong darating daw! —lumuluhang tugon ni Eloisa.

Nag-isip si Cesar. Binilang-bilang sa mga daliri niya ang mga araw.

—Lunes ngayon, —ang wika niya, — samakatuwid ay anim na araw pa ang pararaanin! Malaki pa ang pagkakataon natin kung ibig mong matupad ang tibukin ng ating mga puso!

—Sa papaanong paraan, Cesar? —tanong ni Eloisa at kumikislap sa luha ang mga ma-




**ISANG BAGONG PELIKULA AT ISANG BITUIN ANG SUMILANG** — Ang larawan sa kaliwa ay kuha nang lumagda sa kasunduan sa paglabas sa pelikulang "MAGAT BAYANI" ng Asiatic Film sina Tinño de Lara at Refenita Cayetano. Si Tinno de Lara, naging prinsipe ng Puting-tabing, ay siyang gaganap ng pangunang papel at katambal niya ang bagong tuklas na si Refenita Cayetano, gaganap naman ng papel na Prinsibini Adhika. Ang larawáng iya'y kuha sa tanggapan ng Asiatic Film sa Gusaling Garcia sa Ave. Rizal. Mula sa kaliwa: Juan B. Urbano, pangulo ng Asiatic Film, G. Conrado Quintano, tagapamahala ng produksiyon, Tinno de Lara, Gng. Emilia ni Urbano, tagapangasiwa, Refenita Cayetano, Catalino V. Flores, direktor at tagapamahala, Elio Pas. Reyes, tagasulat ng "script" at pangalawang direktor.





Ang larawan sa itaas, kaliwa, ay isang tagpo sa "PAG-ASA" ng LVN na kasalukuyang isinasapelikula sa pamamahala ni Direktor Lamberto Avellana. Makikita sina Armando Goyena at Priscilla Cellona na tila may kung anong nakikita sa madilim na yungib, samantalang napapamaang ang kasamang batang lalaki.

Sa kanan, itaas, ay isang tagpo naman sa "GAMUGAMONG NAGING LAWIN" ng Premiere na pinamamahalaan ni Direktor Eduardo de Castro. Ano kaya ang suliraning tila magiging sanhi ng pagsusukatan ng lakas nina Cecilio Joaquin at Danilo Montes?



## Kapirasong Dahon

(Karugtong ng nasa ph. 10)

tunay na iyak. Tunay na luha ang namamalisbis sa kanyang mga mata. Larawan siya ng isang pusong naghihinagpis... nagdurusa. Kahabag-habag na nilikha!

Naantig ang aking damdamin. Ibig ko siyang damayan. Nguni't paano paano ko siya mahahatian sa mga salaghating dinaramdam niya ng labis?

Bagaman ang puso ko'y tinangay ng aking pag-ibig sa isang mithiing nagsabungang-tulog, at ang hinaharap nito ay ipinaubaya sa isang kapangyarihang aking pinanaligan, naniniwala pa rin akong ang pag-ibig ay malaya para sa lahat ng walang pananagutan sa buhay. At ito'y may kani-kaniyang sukatan. May kani-kaniyang tadhana. Ang saligan at paniwala ni Nano ay katulad kaya ng sa akin? *Ah... ang mga huling patak ng luha mong iyan ay babantuan ko ng mga butil ng kagalakan sa pag-asang may nalalabi ka pang maliwanag na pang-unawa. Muling magbabalik. Isasauli ng Diyos...*

Binuksan ko ang balot na iniabot sa akin ng bata. Puting-puting *rosa-birhen*. Tatlo. Pinupog ko ng halik ang mabangong mga bulaklak. Ako pala'y pinagmamasdan ni Nano. Sinasalamin ako sa kaniyang mga luha. Aking inunat ang nalukong na kapirasong dahon Hinugot ko ang *PPSTA pin* sa marinera ng aking baro at sa tulis nito ay pinapanulay ang damdaming nadadama ng puso kong nagdadalang-habag.

"Ining, pakidala mo nga ito roon..." Inihudyat ng mata ko ang pagdadalhan.

"Natatakot po ako sa tiyo..

"Di mang-aano iyon. Mabait ang iyong tiyo. Gagaling na siya e...! Sige na... o... tatanawin kita."

---

HINDI naglipat buwan...

May mga matipunong bisig na bumubili sa palihan ni Nano. Nagbalik ang anyo ng langisin at mauling na manggagawa. Kumislap ang *crescent* na makalawang. Napakabit sa dinding ang *multi-tester* na malinaw na ang bubog. Matabil na ang *generator*. Walang oras na di pumailanlang sa himpapawid ang *The Mocking Bird Hill, Always you, Faithful*.

Nangangapit-bahay na muli ang mga ka-guro ko sa aking silid. Ibinalita sa akin na sila'y nasiyahan sa idinaos na sayawan sa *Lt. Col. Sulit's Regimental Terrace* sa saliw ng *Nan Sound System* at ng mamatay-mabuhay na liwanag ng ibaibang kulay na ilaw-dagitab

"Bakit ka wala roon?" tanong nila. Sagot ko: "Matagal ko nang iginib-ap ang pagdalo sa sayawan"

Dilat na dilat ang bagnos ng maraming nagdaraang sasakyan sa lansangang kinaroroonan ng talyer ni Nano. Ipinalathala ko sa pitak ng *PGM Pick* ang uliran at matagumpay na bokasyon ni Nano Nagalak siya nang matunghayan. Araw-araw halos ay tumatanggap ako ng mabangong at sariwang *Don Juan* o *Rosa-birhen*.

Natitiyak kong madilaw malutong at nangulutding na ang balutan ng tatlong rosas na kita ni Nano nang pupugin ko ng halik. Isang taon na ngayon ang nakararaan mula noon.

At ngayon... ako naman ang binabalisa ng malaking suliranin. Ang katuparan ng nilalaman ng balutan ng tatlong bulaklak ay ipinipilit na sa akin ni Nanong maging isang kaganapan.

Pangangatawanan ko ba ang bulong ng puso kong... iginuhit sa kapirasong dahon samantalang ako'y nadala lamang ng malabis na pakahabag? (X)



## Hiwaga . . .

(Karugtong ng nasa pah. 7)

an ng mga magbubukid. Ipagtanggol ang mga iyon sa mga makamkam na may-ari ng lupang kanilang sinasaka. Kailangang tulungan sila sa paghahanap ng mga pamilihang mapagdadalhan ng kanilang mga ani, upang sila'y mahango sa karalitaan.

Tuwang-tuwa siya noong nakaraang halalan. Isang bagong kandidato ang nagtalumpati at nangakong ipagagawa ang kalsadang patungo sa Bungahan. Hindi lamang siya (si Kadyo), ang nasiyahan. Tigas na palakpakan ng mga tao, mangyari'y naniniwala silang oras na matupad iyon ay tatahimik na sa kanilang nayon. Ang mga alagad ng batas ay madaling makasasaklolo kung sila'y ginagambala ng mga taong labas. Ang kanilang mga ani ay madali na nilang madadala sa bayan.

Lahat sila'y nagkaisang bumoto sa kandidatong iyon, kaya madaling nagtagumpay. Subali, nang dumating na muli ang halalan, ang kalsada sa Bungahan ay hindi pa rin nagagawa. Ang dating kandidatong kanilang ibinoto'y kandidato na naman at nangangako na namang kanyang ipagagawa ang kalsadang iyon.

NAUUNAWAAN niyang hindi na siya mabubuhay nang matagal. Mamamatay na siya sa loob ng ilan na lamang sandali. Hinahabol na niya ang kanyang paghinga. Nguni, laban sa kanyang paniwala, ay ibig niyang huwag muna iyong magkatotoo. Kahit sa gayong kalagayan ay magtitis siya, tumagal-tagal pa lamang ang kanyang buhay. Ibig niyang bago siya malagutan ng hininga'y makausap niya si Ana. Si Ana lamang ang makakaunawa sa kanya. Si Ana ang tanging may karapatang makaalam ng huling habiling ibig niyang maiwan sa kanilang kalsa-isang anak, kay Ruben. Ibig niyang maging matapang si Ruben, maging magiting na bayani. Nais niyang ipunla sa murang isip ni Ruben ang kadakilaan ng kamatayang bunga ng pagsusumakit sa pagsasakatuparan ng isang layuning makabayan.

Nagbalik sa kanyang dili-dili ang sandaling iyon, na habang siya'y naglalakad na patungo sa presinto, ay minumuni-muni niya ang magiging katuparan ng kanyang mga pananalig na balang araw ay magkakaroon din ng katahimikan sa kanilang nayon. Natitiyak niya, na sa bagong kandidatong kanyang iboboto'y naroroon ang kanilang pag-asa. Noon di'y nakita niya ang kanyang sarili na nasa gitna ng bukid na kanyang sinasaka. Ang nakapapasong init ng katanghalian ay hindi niya nararamdamang sumusunog sa kanyang balat. Ang mga tigkal ng lupang sunud-sunod na napapalis ng lipya ng kanyang araro'y nakikita niyang parang mga tipak ng gintong nagsisitilapon.

Nang katanghaliang-tapat, buhat sa lilim ng puno ng mangga, ay natanaw niya si Ana na kumakaway at tinatawag siya upang mananghalian. Kay sarap ng hatid sa kanya noon ni Ana. Manamis-namis ang sabaw ng pesang dalag at tamang-tama ang alat ng kamatis na sawsawan. Sinabi niya noon kay Ana, na wala na silang sukat pang ipangamba. Hindi sila gagambalain ng mga taong namumundok, pagka't ang mga iyon ay mababait na at lubusan nang nakikiisa sa mga puno ng bayan. Makatitipon na sila. At si Ruben ay magkakaroon na rin ng magandang hinaharap. Papag-aaralin nila si Ruben sa bayan upang maging marunong. Hindi niya ibig na manahin ni Ruben sa kanya, ang pagiging isang hamak na magsasaka. Tinitiyak niyang si Ruben ay magiging matalino at balang araw ay magiging alkalde sa kanilang bayan. Tigas namang pagtatawa noon ni Ana sa kanya.

Nang matapat na lamang siya sa pagupitan ng kanyang Ka Porong, at siya'y tawagin noon, ay saka lamang siya nabalik sa sarili. Ang akala niya ay totoong-totoo na siya'y nasa kanilang nayon, kausap si Ana at binabalangkas nila ang hinaharap ng kanilang anak.

HINDI NA niya namalayan nang umalis ang lalaking may hawak na rebolber. Hindi lamang ang kanyang paningin ang ganap nang lumabo, pati ang kanyang diwang kanina'y may bahagya pang pang-unawa, ay naging madilim na rin at tuluyan nang nakalimot.

Nag-umiting sa uka ng lupa ang kanyang mga daliring noo'y wala nang pandamdam. Hindi iyon nagtagal at marahang lumuwag, nagsiunat, lumatag sa mapagkandiling lupa. (X)


**Ganap Na Pampalamig!**

***...kailanman***


***...saanman***




**Danasin ang Pananabik ng Panlasa sa pamamagitan ng Royal Tru-Orange**

**Isinabotelya ng ROYAL SOFT DRINKS PLANT—Ari at Pinamamahalaan ng SAN MIGUEL BREWERY**

# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay



**PAHALANG**

1. Piskal na umuusig sa komunista ng EU
6. Porsiyento
13. Jai
14. Minata
16. Kantyaw sa kalaban sa laro
17. Para
18. Bukal
19. Talastas
20. Kayong panlamig
21. Kapara
22. Ina ng katipunan
23. Pambansang kahoy
24. Ialinsunod
25. Di mapagsabihang minsan
29. Palo
31. Ilnit
33. Lubos na nalasap
38. Masuwerte
40. Suklam
41. Irilagay na kahalili
43. Ang sa iyo, ikaw
44. Sinilangan ni Hesus
46. Uri ng himaymay
47. Naging ministro ng pananalapi ng Hapon noong 1872
51. Tubong pampaalab ng apoy
53. Matandang lalaki
54. Kalihim ng Premiere Productions (pangalan)
55. Kalye
59. Husay
60. ...dello (manunulat at mandudulang Italyano, 18-10-1936)
61. Bahagyang nakalitaw ang dulo
62. A... (tulay sa Maynila)
63. Dalhin paroon
64. Di pagbibigay
65. Nabantog na tulisang moro
66. Tatlumpung sentimos

**PABABA**

1. Unang hari ng Israel
2. ...seltzer (tableta para sa sakit ng ulo)
3. Hayo
4. Lagyan ng matutuntungan ang linang
5. Alis
6. Busan ng tubig, at pamalagiin
7. Bagong konsul sa Singgapur
8. ..na (parine)
9. Pastang pamahid sa makina
10. Agos
11. Pambungkal ng linang
12. Huwag
15. Palayaw ng babae
24. Iligis ng palay
25. Di palakibo
26. Salitaan
27. Karagdagang pantig
28. Pinamumugaran ng perlas
30. Kalye sa Coca-Cola Plant
32. Utang sa suweldo
34. Pulo sa pagitan ng Quezon at Mindoro
35. ... totle (pilosopong griyego)
36. Panukoy sa marami
37. Pangalang moro
39. Nilay-nilay
42. Kapital ng Iran
45. Munyi
47. Palasyo sa Tokyo
48. Paagusan ng tubig sa tabing-daan
49. Kongresista ng Quezon
50. Inom (bigkas bata)
52. Walang buhok
54. Pakikipagkalaguyo
56. Pananong ng kinalalagyan (binilisan)
57. Away
58. Magandang palayaw ng babae

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**


**TEOTICO CLINIC**

URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES

7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo

10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta


## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | A | T | S | I | | I | B | A | | D | I | S | I | N |
| A | R | I | I | N | | L | | N | | A | N | I | T | A |
| B | A | N | D | A | N | A | | T | I | N | I | N | A | G |
| A | N | I | | M | A | G | I | I | N | A | | I | G | I |
| L | E | L | A | | L | A | N | G | O | | A | N | T | I |
| I | T | A | L | A | | | I | | | K | A | T | A | S |
| K | A | D | E | N | A | | | | H | A | L | A | G | A |
| | | | L | O | L | O | | K | U | L | A | | | |
| K | A | L | U | P | I | | M | | B | A | T | I | I | N |
| A | L | I | Y | A | | | A | | | T | A | K | B | A |
| R | I | P | A | | U | S | I | S | A | | N | A | I | S |
| I | M | A | | U | P | A | S | A | L | A | | I | S | A |
| H | U | K | U | M | A | N | | H | A | M | E | L | I | N |
| A | R | I | N | A | | A | | O | | O | R | A | T | A |
| N | A | N | A | Y | | W | A | G | | T | A | N | A | Y |


## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hunyo 24

1. *Prisca Santiago* — Sta. Maria, Bulakan
2. *Bb. Paulina Mendoza* — 1 Lopez Jaena, Kabanatuan, N. E.
3. *Silvestre D. Dalit* — 503 Geliños, Samp., Maynila
4. *Emma Zaballero* — 44 Allery, Lucena, Quezon
5. *Edna C. Evidente* — Magdalena, Laguna

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. • Ang mga nanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanalunin muli.)

# ABANGAN!!!



Isang amang nagdanas ng walang kapantay na mga kaapihan at di biru-birong pagdurusa dahil sa kasamaan ng kapuwa isang inang nasadlak sa dilim ng buhay at tumanggap ng walang kasinglupit na parusa ng tao dahil lamang sa pagtatamasa ng sandaling kaligayahan... isang manggagamot na sa minsang pagtatamo ng maliit na kabiguan ay itinakwil ang Diyos at kusang napaalipin sa kapangyarihan ni Satanas .. dalawang pusong sinubok ng panahon at ng balighong mga pangyayari upang itampok sa daigdig ang angking kadakilaa't kagitingan ... at isang madilim na silid na nag-iingat ng isang kakilakilabot na lihim na di kayang lurukin ng karunungan ng tao!

Iyan ang matutunghayan sa isang kasaysayang isinalarawan na malapit nang simulan sa Magasin ng Bagong Buhay — ang...

# ..."KATARUNGAN"

